

## FAQs UKOL SA MGA MANGGAGAWA SA BOTOHAN

### 1. Ano ang mga requirement na dapat mayroon upang makapagsilbi bilang isang manggagawa sa botohan?

- Maging hindi bababa sa edad na 18 taon
- Maging isang U.S. Citizen at rehistradong makaboto sa California o isang ligal na permanenteng residente sa United States.
- May kakayanan makapagsalita, makabasa, at makasulat sa wikang English.
- Mayroong maaasahang transportasyon sa at mula sa inyong itinalagang vote center.
- Kumpletuhin ang ini-require na dalawang araw (magkasunod) na in-person na pagsasanay.
- Maging available na tumulong magset-up, magsara at maglinis ng lokasyon ng botohan bago at isang araw matapos ang Araw ng Eleksyon.
- Maging handang magtrabaho mula ika-7:30 ng umaga hanggang ika-5:30 ng hapon sa loob ng 11 araw bago, at ika-6:30 ng umaga hanggang sa ika-10 ng gabi sa Araw ng Eleksyon.
- Magpaandar ng teknolohiya sa eleksyon (gaya ng, laptop, ballot marking device, elektronikong listahan, at printer)
- Naiintindihan at handang gampanan ang mga responsibilidad ng manggagawa sa botohan na naka-outline sa ibaba.
- Magtrabaho sa loob at siguraduhing sumusunod sa mga alituntunin sa kalusugan at kaligtasan.

### 2. Mayroong bang mga karagdagang responsibilidad na espesipiko para sa mga posisyon ng manggagawa sa botohan? Oo.

#### A. **Precinct Inspector** (PI), \$17.61/hr. (Dapat nakapaglingkod bilang isang manggagawa sa botohan noong Nobyembre 2020 o Setyembre 2021)

*Ang tungkulin ng Precinct Inspector ay tulungan ang Site Manager sa mga pamamalakad sa vote center para sa nalalapit na eleksyon, habang nakapagbigay ng mahusay na serbisyo sa iba't ibang uri ng populasyon ng botante. Ito ay pansamantalang posisyon. Ang ideyal na kandidato ay dapat isang team player, magpakita ng mga kasanayan sa multi-tasking, propesyonalismo, mapagpasensya, kakayahang umangkop, at may integridad sa lahat ng oras. Tutulungan ng PI ang Site Manager para pamunuan ang tauhan sa mga operasyon ng mabilisang vote center gamit ang pinakabagong teknolohiya sa eleksyon. Dapat irepresenta ng PI ang Tagapagrehistro ng mga Botante nang propesyonal at walang-partidong pamamaraan.*

- Tulungan ang Site Manager sa pagtingin ng hanggang sa 10 mga Technical Inspector sa naitalagang lokasyon ng botohan.
- Tulungan ang Site Manager sa pagset-up at pagsara ng pasilidad at masiguro ang pang-araw-araw na pagsign-in at out ng tauhan.
- Maunawaan ang mga importanteng detalye at konsepto sa mga proseso ng eleksyon na tama ang impormasyon sa tauhan at mga botante.
- Masiguro na ang mga kasanayan sa kalusugan at kaligtasan ay sinusunod sa vote center.
- Makipag-usap nang epektibo sa tauhan, publiko, at pamamahala.
- Panghawakan at solusyunan ang mga mahihirap na sitwasyon sa positibong pamamaraan.
- Magsagawa ng iba pang mga tungkulin kung kinakailangan.
- Patuloy na paglalakad, pagtayo, at pag-aangat/pagbubuhay ng mga bagay na may timbang hanggang 30 lbs.
- Siguraduhin na ang lahat ng mga botante at bisita ay may positibong karanasan sa pagboto.

#### B. **Technical Inspector** (TI), \$15.00/hr.

*Ang tungkulin ng Technical Inspector ay sundin ang mga proseso sa eleksyon at operasyon sa vote center para sa nalalapit na eleksyon habang nagbibigay ng mahusay na serbisyo sa iba't ibang uri ng populasyon ng botante. Ito ay pansamantalang posisyon. Ang ideyal na kandidato ay dapat isang team player, magpakita ng mga kasanayan sa multi-tasking, propesyonal, mapagpasensya, kakayahang umangkop, at may integridad sa lahat ng oras. Sa ilalim ng pamumuno ng Site Manager at Precinct Inspector, ang TI ay tutulong sa mga botante sa mabilisang vote center gamit ang pinakabagong teknolohiya sa eleksyon at dapat irepresenta ang Tagapagrehistro ng mga Botante nang propesyonal at walang -partidong pamamaraan.*

- Maglingkod bilang eksperto sa pagset-up, pagpapatakbo, at pag-troubleshoot ng elektronikong ballot marking device (BMD); kasama ang pag-activate ng mga balota.
- Pangasiwaan ang mga pila at tanggapan ang mga nabotohang balotang koreo habang sinisiguro ang pagkapribado ng botante.
- Sundin ang mga proseso nang wasto sa pagbati at pagbigay direksyon sa mga botante sa mga itinalagang mga estasyon.
- Pagpalit mula sa ibat-ibang mga estasyon at magsagawa ng ibang mga tungkulin kung kinakailangan.
- Pag-upo at pagtayo nang mahabang panahon
- Maintindihan ang mga importanteng detalye at mga konsepto ng mga proseso sa eleksyon at kagamitan para matulungan ang mga botante nang wasto.
- Hawakan at solusyunan ang mga mahihirap na sitwasyon na may positibong pamamaraan.
- Pagsunod sa mga kasanayang inire-require sa kalusugan at kaligtasan.
- Ligas at secure na naibalik ang mga nabotohang balota alinsunod sa pagkakabit kabit ng mga proseso sa collection site matapos ang pagboto kada gabi.
- Siguraduhing lahat ng mga botante at bisita ay mayroong positibong karanasan sa pagboto.

### 3. Ang Tagapagrehistro ng Botante ba ay nagbibigay ng anumang mga resource sa mga manggagawa sa botohan para masiguro na may kumpiyansa sa Araw ng Eleksyon? Oo.

- Ang mga Manggagawa sa Botohan ay na-cross train at sa gayon ay puwedeng makapaglingkod bilang mga resource para sa bawat isa.
- Ibinibigay ang Manwal ng Manggagawa sa Botohan para sa madaliang reperensya at naka-outline ang mga tungkulin at proseso para sa mga senaryo sa Araw ng Eleksyon.
- Ang Hotline ng Manggagawa sa Botohan ay may mga tauhan na eksperto, available bago at sa Araw ng Eleksyon.

**4. Bilingguwal?**

- Ang mga batas ng pederal ay kasalukuyang inire-require ang tulong sa wika na ibinibigay sa Chinese, Filipino, Spanish, at Vietnamese. Hinihikayat ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang mga bilingguwal na mga manggagawa sa botohan na suportahan ang ibang mga miyembro ng komunidad na maaaring humiling ng tulong.

**5. Paano ako mag-aaplay para makapagsilbi bilang isang manggagawa sa botohan?** Bisitahin ang [sdvote.com](https://sdvote.com) para sa impormasyon at [Aplikasyon ng Manggagawa sa Botohan](#) upang isumite ang aplikasyon online

**Para sa mga katanungan o karagdagang mga detalye, tumawag o bumista:**

ROV Poll Worker Department, 5600 Overland Ave., San Diego, CA 92123

Telepono: (858) 565-5800

Fax: (858) 505-7299

Email: [Pollworker@sdcounty.ca.gov](mailto:Pollworker@sdcounty.ca.gov)

*Ang pag-aaplay upang makapaglingkod bilang manggagawa sa botohan ay hindi nangangahulugang kasiguraduhan sa isang posisyon. Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay maaaring baguhin ang mga tungkulin kung kinakailangan.*